



Mga Numero ng Social Security para sa Mga Hindi Mamamayan

Ano ang nasa loob

Kailangan ba ng isang hindi mamamayan ang numero ng Social Security?	1
Paano ako makakakuha ng numero at card ng Social Security?	2
Ano ang kailangan kong dalhin sa tanggapan ng Social Security?	2
Kailan ako dapat mag-apply?	3
Magkano mag-apply para sa numero at card ng Social Security?	3
Paano kung kailangan ko ng numero para sa iba pang dahilan?	3
Pakikipag-ugnayan sa Social Security	4

Kailangan ba ng isang hindi mamamayan ang numero ng Social Security?

Maliban kung ikaw ay isang hindi mamamayan (non-citizen) na nagnanais na magtrabaho sa United States, marahil ay hindi mo kailangan ng numero ng Social Security.

Sa pangkalahatan, tanging ang mga hindi mamamayang pinayagan ng Department of Homeland Security (Kagawaran ng Seguridad ng Tinubuang-Bayan o DHS) na magtrabaho sa United States ang maaaring makakuha ng numero ng Social Security. Ang mga numero ng Social Security ay ginagamit upang iulat sa gobyerno ang mga sahod ng indibidwal at upang matukoy ang pagiging karapat-dapat ng isang tao sa mga benepisyo sa Social Security. Kailangan mo ng numero ng Social Security

upang makapagtrabaho, makatanggap ng mga benepisyo sa Social Security, at makatanggap ng iba pang serbisyo ng gobyerno.

Ang mga legal na kinikilalang hindi mamamayan ay maaaring makatanggap ng maraming benepisyo at serbisyo nang walang numero ng Social Security. Hindi mo kailangan ng numero upang makakuha ng lisensya sa pagmamaneho, magparehistro para sa paaralan, makatanggap ng pribadong segurong pangkalusugan, o mag-apply para sa mga programa ng pananghalian sa paaralan o tulong sa pabahay.

Gumagamit ng mga numero ng Social Security ang ilang organisasyon upang tukuyin ang pagkakakilanlan mo sa kanilang mga talaan. Gayunpaman, maaaring tukuyin ng karamihan sa mga ito ang pagkakakilanlan mo sa ibang paraan kung hihilingin mo.

